BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Pinapaalalahanan ng Brampton Fire and Emergency Services ang mga residente na maging ligtas sa sunog sa holiday season na ito

BRAMPTON, ON (Disyembre 1, 2022) – Pinapaalalahanan ng Brampton Fire and Emergency Services ang mga residente sa kahalagahan ng pagiging ligtas sa holiday season na ito sa taunang kampanya nito sa 12 Araw na Pagiging Ligtas sa Sunog, na inisponsor ng Enbridge.

Ang mga sunog ay maaaring maganap saanman, anumang oras, ngunit madalas na mangyayari kapag hindi tayo nag-iingat, tulad ng kapag ang busy na mga aktibidad na maiingay sa holiday ay lumilikha ng distraksyon. Ang Brampton Fire and Emergency Services ay may pangkaligtasang mga mungkahi sa 12 paksa na tatandaan sa season na ito:

**Unang Araw: Mga Christmas Tree**
Tiyakin na ang mga Christmas ay may tubig – tingnan ang dami ng tubig araw-araw.

**Ika-2 Araw: Mga Pampalamuting Ilaw**
Patayin at i-unplug ang lahat ng ilaw at mga palamuti bago umalis ng bahay o kapag matutulog na.

**Ika-3 Araw: Mga Smoke Alarm**
Mag-install ng mga smoke alarm sa bawat palapag ng iyong bahay at sa labas ng lahat ng tulugang lugar.

**Ika- 4 na Araw: Mga Carbon Monoxide (CO) Alarm**
Mag-install ng mga gumaganang CO alarm sa tapat ng LAHAT ng tulugang lugar.

**Ika-5 Araw: Mga Plano sa Pagtakas mula sa Bahay**
Gumawa ng plano ng pagtakas kasama ang iyong pamilya.

**Ika-6 na Araw: Mga Cord/Saksakan ng Kuryente**
Huwag i-overload ang mga saksakan ng kuryente.

**Ika-7 Araw: Mga Portable Heater**
I-unplug ang mga portable heater kapag umalis kayo mula sa silid o kapag matutulog na kayo.

**Ika-8 Araw: Mga Kandila**
Bago umalis ng silid o kapag matutulog na, patayin ang mga kandila.

**Ika-9 na Araw: Mga Posporo**
Ilayo ang mga posporo at mga lighter na hindi naaabot ng mga bata.

**Ika-10 Araw: Pagluluto**
Ang pagluluto ay ang #1 na sanhi ng mga sunog sa bahay. MANATILI sa kusina habang nagluluto. Kung kailangan mong umalis, patayin ang stove.

**Ika-11 Araw: Mga Kagamitan ng Paninigarilyo**
Ang paninigarilyo ay ang nangungunang sanhi ng mga nakamamatay na sunog. Gumamit ng malaki, malalim na mga ashtray na hindi natutumba. Hikayatin ang mga naninigarilyo na manigarilyo sa labas. Huwag basta-basta ihagis ang mga sigarilyo sa may balkonahe. Huwag patayin ang mga sigarilyo sa mga plorera ng tanim, na maaaring naglalaman ng halo-halong peat moss, putol-putol na kahoy at balat ng kahoy na madaling magliliyab. Huwag na huwag manigarilyo sa higaan. Bago itapon ang mga upos ng sigarilyo at ang abo, tiyakin na wala na itong apoy. Ilagay ang mga ito sa tubig o sa buhangin. Itapon ang mga abo sa metal na lalagyan – hindi sa basurahan – at ilagay ito sa labas. Iwasan ang paninigarilyo kapag inaantok o lasing – ang alak ay isang sanhi ng maraming mga sunog kaugnay ng paninigarilyo.

**Ika-12 Araw: Maging Responsable**

Gumamit ng alak at panlibangang mga gamot nang responsable. Huwag magluto, manigarilyo o magmaneho kapag lasing o nasa impluwensiya ng panlibangang mga gamot.

Basahin ang mas marami pa tungkol sa kaligtasan sa sunog nitong holiday season dito.

**Mga Quote**

"Ngayon ang season para sa pamilya, mga kaibigan at pagdiriwang, at sa holiday rush may hindi naiiwasang mga distraksyon. Pinapaalalahanan ang mga residente ng Brampton na ligtas na pagdiwang. Sa pagsasaisip sa mga mungkahi na ito mula sa Brampton Fire and Emergency Services, matitiyak ninyo na ang inyong mga holiday ay hindi lamang masaya kung hindi, ligtas din."

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Ibigay ang regalo ng pagiging ligtas sa iyong sarili, pamilya at mga kaibigan sa taon na ito. Sa pagsunod sa mga mungkahi sa 12 Araw na Pagiging Ligtas sa Sunog ng Brampton Fire and Emergency Services, makakatulong ka na matiyak na ang holiday season na ito ay nai-enjoy ng lahat, nang ligtas."

*- Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

"Ang panahon na ito ng taon ay puno ng saya at mga pagdiriwang, ngunit mahalaga na kahit abala, nasa pinaka-una sa ating isipan ang kaligtasan sa sunog. Bisitahin ang www.bramptonfire.com para rebyuhin ang mga mungkahi sa 12 Araw na Pagiging Ligtas sa Sunog upang matiyak na ikaw at ang iyong pamilya ay may ligtas at masayang holiday season."

*- Bill Boyes, Fire Chief, Brampton Fire and Emergency Services*

BRAMPTON

Media Release

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**MEDIA CONTACT**
City of Brampton Multicultural Media
multiculturalmedia@brampton.ca